



# Mga Paketeng tulong pangkagipitan

Ang mga paketeng tulong pangkagipitan ay nakalaan sa mga taong bulnerable na sapilitang nagbukod ng kanilang sarili dahil sa coronavirus (COVID-19). Naglalaman ito ng mahahalagang pagkain at personal na mga gamit sa pangangalaga para sa mga taong may kakaunti o walang pagkain, at walang mga kapamilya at mga kaibigan na tutulong sa kanila.

Kung maaari, hinihiling namin sa mga tao na pakiusapan ang kapamilya o mga kaibigan na hindi sapilitang nagbukod ng sarili na bigyan sila ng tulong at suporta.

Upang maging karapat-dapat, dapat ikaw ay sapilitang nagbukod ng iyong sarili dahil sa coronavirus, may kakaunti o walang pagkain, at walang mga kapamilya at mga kaibigan na susuporta sa iyo. Lahat ng mga kahilingan ay susuriin batay sa agarang pangangailangan, bibigyang prayoridad ang taong pinaka-nangangailangan.

Para makakuha ng pakete, tawagan ang coronavirus hotline sa 1800 675 398. Ito ay bukas 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Kung kailangan mo ng interpreter, tawagan ang TIS National sa 131 450.

Kung hindi mo kayang tawagan ang hotline, maaaring tumawag ang isang kapamilya, kaibigan, tagapag-alaga o sinumang nagbibigay ng serbisyo sa iyo.

Hindi mo kailangang maging isang residente ng Australya para mag-aplay.

## Nilalaman ng mga paketeng tulong

Ang mga pakete ay naglalaman ng mga karaniwang pagkain tulad ng cereal, gatas na nagtatagal, asukal, pasta at mga de-latang gulay, sabon, deodorant at toothpaste. Depende sa sambahayan, ang mga pakete ay maaari ding may kasamang mga produkto para sa sanggol at pagkain ng pusa o aso.

Libre ang mga paketeng tulong. Ang bawat pakete ay dinisenyo upang magbigay ng pangunahing mga pagkain at mga bagay para sa personal na pangangalaga para sa dalawang linggo. Ang dami ng pagkain at iba pang mga produkto sa pakete ay depende sa dami ng nakatira sa sambahayan at pangangailangan nila.

Ang mga paketeng ito ay naglalaman ng mga pangunahing produkto lamang at limitado ang pagpipilian sa mga produktong ibinibigay.

## Lutong pagkain

Kung malubha ang kalagayan ng maysakit at hindi makapagluto para sa kanilang sarili, maaaring pag-isipang mamili na mabigyan o mahatiran ng pagkain.

## Pamamahagi ng mga pakete

Ang Red Cross, Salvation Army o Australia Post ang maghahatid ng mga pakete sa karapat-dapat na mga kabahayang sapilitang pinagbukod ng sarili.

Upang makatanggap ng lathalaing ito sa format na madaling ma-access, mag-email sa [Emergency Management Communications <em.comms@dhhs.vic.gov.au>](mailto:em.comms@dhhs.vic.gov.au).

Authorised and published by the Victorian Government, 1 Treasury Place, Melbourne.

© State of Victoria, Australia, Department of Health and Human Services, March 2020.

ISBN 978-1-76069-381-7 (pdf/online/MS word)

Makukuha sa [About Coronavirus \(COVID-19\)](https://www.dhhs.vic.gov.au/victorian-public-coronavirus-disease-covid-19) < <https://www.dhhs.vic.gov.au/victorian-public-coronavirus-disease-covid-19>>

Emergency Relief Packages - Tagalog